**Journal of Multidisciplinary in Education**
**AARRC CONSCRIPTOR PUBLISHING CORP |** Volume 1 | APRIL 2025

**LEADING PRACTICES IN EDUCATION: COMPENDUIM OF RESEARCH ON STRATEGIES INTERVENTION AND EDUCATOR WELL-BEING**

# Mga Maikling Kuwento: Kontekstwal na Pagsusuring Realismo

**Rissalyn C. Garcia, Jellie D. Sinio, Allyssa Marie C. Enriola, Marvilyn S. Martinez, Rommel John L. Aballe, Dr. Eva J. Ompoc, Dr. Rhea V. Iranzo**

Pamantasan ng Lungsod ng Pasig

*imakachanrissa@gmail.com, siniojellie@gmail.com, allyssaenriola@gmail.com, marvilynmartinez9@gmail.com, aballe_rommeljohn@plpasig.edu.ph, evajacobeompoc@gmail.com, epyrhea01@gmail.com*

***Abstract –*** *This study examines the contextual content of selected short stories through the lens of realism. Utilizing a qualitative narrative research method and content analysis, the researcher assessed the stories using specific criteria and a coding sheet. The findings reveal that both short stories reflect real-life events, as evidenced by their themes, characters, and narratives. The study highlights how applying the theory of realism in literary analysis enhances the depth and appreciation of the texts. Based on these insights, the researchers propose strategies to assist educators in deepening and broadening students' understanding of literary criticism through the realist approach.*

***Keywords –*** *Realism, Contextual, Analysis, Short Stories, Strategies*

## INTRODUCTION

Ang panitikan ay ang batis ng mga kaalaman at ito ay naglalaman ng mga pangyayaring nagaganap sa lipunan. Ayon sa aklat ni Arrogante (1983) mula sa pag-aaral ni Meneses (2021), ito ay isang talaan ng buhay kung saan naglalahad ang isang tao ng mga bagay na kaniyang napapansin sa paligid sa pamamagitan ng pagsusulat ng akdang pampanitikan. Kung kaya't, dito naipakikita ang mga suliraning kinahaharap sa lipunan na nag-iiwan ng kakintalan sa mga mambabasa. Tulad ng teoryang realismo, isang dulog na naglalayong maipakita at maipahayag ang mga aspeto ng totoong buhay sa pamamagitan nang masusing pagsasalarawan ng mga pangyayari, karakter, at karanasan na maaaring makatagpo ng tao sa pang-araw-araw na buhay. Hinahangad nito na maipakita ang buhay sa paraang makatotohanan at hindi gaanong idealisado o pinapalamutian.

Patunay lamang na isa itong kaugnay ng panitikan na naglalahad ng isang mahalagang bahagi ng kultura at identidad ng isang bansa. Ito rin ang nagsisilbing repleksyon ng pinagmulan na pagkakakilanlan ng isang lipunan sapagkat sumasalamin ito sa mga saloobin, karanasan, at gawi ng mga indibidwal. Dahil dito, malaki ang nagiging gampanin ng panitikan sa paghubog ng isang lipunan gayundin sa mga tao (Nibalvos, 2019). Sa

tulong ng paglikha ng isang maikling kuwento na nagpapakita ng tagpo mula sa tiyak patungo sa mas malawak na karanasan ng bawat indibidwal ay masusuri ang pangyayari na makikita ang iba't ibang dimensyon ng buhay.

Kaya't ginamit ng mga manunulat ang mga dulog upang makatulong na maunawaan ang makatotohanang pagsasalarawan ng realidad ng buhay mula sa kabuoang konteksto nito. Kaya naman, ito ang naging inspirasyon ng mga mananaliksik na pagtuunan ng pag-aaral sapagkat hanggang sa kasalukuyang panahon ay masasalamin pa rin ang usaping kinasasangkutan ng mga isyu ng lipunan, tulad ng kahirapan, kawalan ng hustisya, at iba pang mga hamon ng buhay. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa nilalaman mula sa tema, tauhan, tagpuan at banghay ay natuklasan kung paano naihatid ng mga manunulat ang kanilang mga akda at kung paano ito nakatulong sa pagbukas ng mata ng mga mambabasa sa iba't ibang perspektiba.

Ilan sa piniling suriin ay ang "Impeng Negro" ni Rogelio R. Sicat at "Mabangis na Lungsod" ni Efren R. Abueg na mga kapwa kilalang manunulat na nagtaguyod sa paglantad ng realidad. Ayon nga kay Banao (2022), ang teoryang realismo ay tumalakay sa mga totoong pangyayari na naranasan at nasaksihan ng may-akda sa lipunang kaniyang ginagalawan. Binigyang-diin dito ang mga suliraning panlipunan na patuloy na lumaganap sa kabila ng pag-unlad na nangyayari sa lipunan. Sa madaling sabi, dala ng kakulangan sa kamalayan ng bawat isa ang mga usaping ito ay hindi gaanong napagtuunan ng pansin, dahilan upang magkaroon ng hindi malawak na pagkaunawaan. Kaya naman, ninais ding tuklasin ng pagsusuri kung naging mabisa ba ito sa mga mambabasa, sa isip, sa damdamin at sa asal. Gayundin ang masuri ang mga kalagayan at suliraning panlipunan at nang makabuo ng isang estratehiya sa pagsusuri.

Nabanggit ni Arbasto (2019), sa kaniyang pag-aaral na malaki ang ginagampanan ng pagsusuri ng maikling kuwento, sapagkat natutukoy ang katotohanan sa pagpapahalagang pantao, panretorikang pananaw at kalagayang panlipunan na isinasabuhay ng tauhan, tagpuan, paksa at simbolismo. Kung saan nakatutulong ito sa pagkatuto bilang lunsaran ng pagtuturo ng panitikan.

Kaugnay nito, naniwala ang mga mananaliksik na ang panitikan, partikular na ang maikling kuwento, ay isa sa nagsilbing daan upang ang mga mambabasa ay magkaroon ng kamalayan sa aspekto ng kasaysayan at kultura na nagpakita ng mga epekto ng konteksto ng lipunan sa buhay ng

mga tauhan. Ayon nga sa artikulong isinulat ni Mambrol (2017), mayroong dalawang bagay na naibibigay ang mga akdang pampanitikan: magbigay ng aliw at magbigay ng aral. Kung kaya't sa pagsusuri na ito ay makatutulong sa pag-aambag sa mas malalim na pagunawa ng maikling kuwento bilang isang sining na nagtataglay ng kahulugan at diwa ng realidad na makatutulong sa lipunan partikular na sa mga paaralan.

## OBJECTIVES OF THE STUDY

Ang layunin ng pag-aaral na ito ay suriin ang nilalaman ng mga piling maikling kuwento gamit ang teoryang realismo.
Upang makamit ang tunguhin ng pag-aaral, binigyang kasagutan ang sumusunod na tanong:

1. Ano ang mga katangiang taglay ng maikling kuwento batay sa:
    1.1. Tema;
    1.2. Tauhan;
    1.3. Tagpuan; at
    1.4. Banghay?
2. Ano ang nilalaman na nakapaloob sa bawat maikling kuwento batay sa:
    2.1. Bisa sa isip;
    2.2. Bisa sa damdamin; at
    2.3. Bisa sa asal?
3. Ano ang mga kalagayan at suliraning panlipunan na ipinahihiwatig ng mga maikling kuwento?
4. Anong estratehiya ang maimumungkahi batay sa resulta ng pagsusuri ng mga maikling kuwento?

## METHODOLOGY

Ang pag-aaral na ito ay isang uri ng kuwalitatibong pananaliksik na ginamitan ng naratibong pamamaraan. Ang layunin ng naratibong pag-aaral ay ang magsaliksik at magbigay ng malalim na kaalaman hinggil sa mga suliranin na makikita sa tunay na buhay (Tenny et al., 2022). Ito rin ay angkop upang maipakita ang kinahinatnan na kuwento ng buhay ng tao mula sa mga isinalaysay ng mga ito (Ntinda, 2020).
Kaya't naniwala ang mga mananaliksik na angkop ang naratibong pamamaraan bilang disenyo na ginamit upang masuri ang mga maikling kuwentong kinapapalooban ng teoryang realismo. Gayundin, upang masuri ang mga tema, tauhan, tagpuan, banghay, bisang pampanitikan at mga suliraning panlipunan na nakapaloob sa maikling kuwento para masusing maunawaan ang dulog ng realismong ginamit.
Ito rin ay ginamitan ng kontent na pagsusuri na nagbibigay-tuon sa sistematikong pagsusuri at analisis ng mga maikling

kuwento sa ilalim ng kontekstwal na perspektiba. Gayundin, upang tuklasin kung paano naipakikita ng mga akda ang mga aspeto ng realidad sa iba't ibang yugto ng kasaysayan o sa iba't ibang kultura.

## RESULTS AND DISCUSSION

Nakamit ng mga mananaliksik ang hinihinging kasagutan sa bawat suliraning inilatag, kaya naman ay natuklasan ng mga mananaliksik na:

1. Sa unang suliranin, lumabas sa resulta ng pagsusuri sa dalawang (2) piling akda ang mga makabuluhang aspeto batay sa mga katangian ng maikling kuwento:

1.1. Sa tema ay mayroong lumulutang na iba't ibang kaisipan tulad ng diskriminasyon at karahasan. Matutunghayan ang mga ideyang ito lalo na sa mga nararanasan ng mga pangunahing tauhan na sumasalamin sa realidad na nagaganap sa buhay ng isang tao.

1.2. Sa tauhan ay namayani ang iba't ibang katangian na naghatid kung anong uri ng tauhan ang mga ito. Ang mga pangunahing tauhan mula sa dalawang (2) piling akda na sina Impen at Adong kung saan mula sa pagiging mapagtimpi ay natunghayan ang pagbabagong naganap at sila ay naging matapang na nagpabatid na ang mga tauhan na ito ay isang uri ng tauhang bilog. Gayundin, ang antagonista na si Ogor na sa simula ay mapang-api at palaban hanggang sa kalaunan ay natuto itong sumuko. Samantala, mababatid naman ang isahang katangian na mayroon ang mga pansuportang tauhan na Ina 150 ni Impen at si Aling Ebeng na mapagmahal at may malasakit. Gayundin, ang antagonista na si Bruno na mula umpisa hanggang wakas ay nasaksihan sa akda ang pagiging mapang-api nito. Patunay lamang na ang mga tauhang ito ay isang uri ng tauhang lapad dahil sa walang pagbabagong naganap sa kanilang mga katangian. At mula sa pagsusuri ay napag-alaman na ang ilan sa mga katangiang ito ay nasasalamin sa uri ng kulturang mayroon ang mga tao sa tunay na buhay.

1.3. Sa tagpuan ay kadalasang nakikita sa probinsya tulad ng barong-barong at sa may poso, o sa mga urbanong lugar tulad ng simbahan ng Quiapo at iskinita. Dito mas napalutang ng may-akda ang estado sa buhay ng pangunahing tauhan na nagbigay daan upang higit na maunawaan ang ibig ipahiwatig ng dalawang (2) piling akda. Makikita rin dito ang paghihirap sa buhay ng mga pangunahing tauhan tulad na lamang ng mga karahasan at pang-aaping kanilang natatanggap na nagaganap sa mga lugar na ito.

1.4. Sa banghay natunghayan ang iba't ibang estilo ng mga manunulat sa paglalahad ng mga bahaging: simula na ginamitan ng pagdidiyalogo at pahiwatig; kasukdulan na ginamitan ng action climax at climax of decision, at sa wakas na ginamitan ng pananagisag na mas nakatulong sa pagpapaunawa ng magkakaugnay na daloy ng mga akda.

2. Makikita sa dalawang piling maikling kuwento ang iba't ibang nilalaman na nakapaloob sa mga ito batay sa mga bisang pampanitikan:

2.1. Mula sa masasalimuot na karanasan ng mga pangunahing tauhan sa kanilang buhay ito ay nag-iiwan ng kakintalan at nakapagpapabago sa isipan ng mga mambabasa patungkol sa mga konsepto tulad ng hindi patas na mundo, pananatiling matatag, at pagkakaroon ng malawak na pag unawa at pagkilala sa sariling pagkakakilanlan.

2.2. Batay sa pamamaraan sa buhay na mayroon ang mga pangunahing tauhan natunghayan dito ang iba't ibang emosyon na lumulutang sa dalawang piling akda tulad ng: lungkot at pagkaawa, pagmamahal, poot, pangamba at kasiyahan o tagumpay. Karamihan sa mga ito ay natunghayan mula mga kapana-panabik na tagpo na nagdudulot ng halo halong emosyon sa mga mambabasa.

2.3. Ang mga bisa sa asal na lumutang mula sa mga karanasan, kilos, at gawi ng mga tauhan ay ang pagtitimpi, pagtatanggol sa sarili at pagtulong sa kapwa na maaaring mapulot mula sa dalawang akdang sinuri. Ito ay nagpapakita ng mga pag-uugaling ipinakita ng mga tauhan batay sa kanilang mga emosyon na nararamdaman na nagtulak sa kanila tungo sa paglaban sa mga suliraning panlipunang kanilang kinahaharap.

3. Mula sa isinagawang pagsusuri, nasasalamin sa mga piling maikling kuwento ang iba't ibang kalagayan at suliraning panlipunan na kinahaharap ng mga tao sa lipunan. Gaya ng diskriminasyon na kinapapalooban ng rasismo at klasismo, gayundin ang pambubulas na nahahati sa berbal at pisikal na aspeto. Dagdag pa, natunghayan din dito ang child labor na umiral dahil sa kahirapan. Dito rin nabatid ang mga pinag-ugatan ng kahirapan na matutukoy sa kakulangan sa pinansyal, kawalan ng maayos na tirahan at mga gamit, kakulangan sa tubig, pagkagutom at sindikato ng mga pulubi. Bukod pa rito, nariyan din ang trapiko na natunghayan din mula sa pamumuhay ng mga pangunahing tauhan. Ang mga kalagayan at suliraning panlipunan na ito ay nasasalamin sa mga totoong pangyayari sa buhay na magpahanggang sa kasalukuyan ay

nararanasan ng mga tao. Dito mababanaag na may mga kaganapan sa lipunan na nakaukit na sa kultura ng isang bansa na hindi nasosolusyunan hanggang sa kasalukuyan.

4. Mula sa mga nakalap na impormasyon sa pagsusuring isinagawa, ang mga mananaliksik ay nakabuo ng angkop na estratehiya na maaaring magamit ng mga guro sa kanilang pagtuturo kaugnay sa pagsusuri na ginagamitan ng mga dulog, partikular ng dulog na realismo.

## Conclusion and Recommendation

Batay sa naging resulta ng pag-aaral at mga natuklasan sa ginawang pag-aaral makikita na ang mga piling akda ay may malalim na kaugnayan sa kultura ng mga tao na nagpapakita ng mga paniniwala, kaugalian, at mga isyung panlipunan na nakaaapekto sa kanilang pamumuhay at pagkatao. Ang mga akdang ito ay naglalarawan ng mga makatotohanang karanasan, partikular sa mga taong nasa mababang antas ng lipunan, at ipinakikita rin dito ang epekto ng mga suliraning panlipunan at personal na hamon sa kanilang buhay. Sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga kuwento gamit ang teoryang realismo, natuklasan na ang mga akdang ito ay nagbibigay ng mga aral na humuhubog sa pagkatao ng bawat indibidwal. Bilang karagdagan, nakabuo ang mga mananaliksik ng mga estratehiya na makatutulong sa mga guro upang mas mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga akdang pampanitikan.

Kaya't ang mga mananaliksik ay nagrekomenda ng sumusunod: Una, hinihimok ang mga mag-aaral na bigyang pansin ang bawat detalye ng mga akdang binabasa at suriin ang kontekstwal na kahulugan nito, gayundin ay iugnay sa kasalukuyang kalagayan ng lipunan. Pangalawa, iminumungkahi na gamitin ng mga guro ang estratehiya ng pagsusuri ng maikling kuwento gamit ang teoryang realismo. Higit sa lahat, hinihikayat ang mga susunod na mananaliksik na ipagpatuloy ang ganitong uri ng pag-aaral upang mas mapalawak ang kaalaman sa pagsusuri ng maikling kuwento at maipakilala ang kahalagahan ng ganitong panitikan sa ating bansa.

## References

Arbasto, M.L.L. (2019). Katotohanang panlipunan sa mga piling maikling kuwentong pilipino ni Vicente Sotto, Sr.: Isang pamaksang pagsusuri. ACADEME University of Bohol, Graduate School and Professional Studies Journal, 15(1), 28-53. https://doi.org/10.15631/aubgsps.v15i1.143

Banao, L.D. (2022). Realistic analysis of Jose Rizal’s patriotic poetry. International Journal of Arts, Sciences and Education, 3, 67-80. http://www.mail.ijase.org/index.php/ijase/article/view/160

Mambrol, N. (2017, April 29). Literary criticism of Horace. https://literariness.org/2017/04/29/literary-criticism-of-horace/

Meneses, J.L. (2021). Pagkatuto sa asignaturang filipino sa panahon ng bagong kadawyan. https://www.researchgate.net/publication/356937256

Nibalvos, I.M.P. (2019). Lipunan at panitikan: pag-uugat ng kapilipinohan sa pagbubuo ng literaturang pambansa. Philippine E-Journals, 32(1), 99-114. https://ejournals.ph/article.php?id=15169

Ntinda, K. (2020). Narrative Research. https://www.researchgate.net/publication/343189734_Narrative_Research